Pangalan: ____________________________________________________________________
Petsa Nang Nagsimula: _______________ Petsa Nang Natapos: ______________ Marka: ________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**
**Denotatibo at Konotatibong Pagpapakahulugan**

**I. PANUTO:** Piliin ang letra ng tamang sagot. Isulat ang sagot sa patlang bago ang bilang.

_____1. Ito ang tawag sa literal at karaniwang kahulugan ng isang salita. Tumutukoy rin ito sa paggamit ng salita sa pangungusap batay sa kahulugang matatagpuan sa diksiyonaryo.
a. tayutay c. konotatibo
b. denotatibo d. Paglalarawan

_____ 2. Ito ang tawag sa hindi karaniwang pagpapakahulugan sa mga salita. Matalinghaga ito at nagtataglay ng mga pahiwatig upang higit na maging mabisa ang pahayag.
a. tayutay c. konotatibo
b. denotatibo d. Paglalarawan

_____ 3. Tinatawag na _______ ang mga hindi karaniwang kahulugan ng isang salita. Matalinghaga ito at nagtataglay ng mga pahiwatig upang higit na maging mabisa ang pagpapahayag.
a. denotatibo c. pang-uri
b. konotatibo d. pang-ugnay

_____ 4. *Matibay* ang pagkakagawa ng *haligi* ng aming bagong bahay. Ano ang kahulugan ng salitang may salungguhit batay sa gamit nito sa pangungusap?
a. ama c. poste ng bahay
b. ina d. bubong ng bahay

_____ 5. *Masipag at mabuti* ang aming *haligi* ng tahanan. Ano ang kahulugan ng salitang may salungguhit batay sa gamit nito sa pangungusap?
a. ama c. poste ng bahay
b. ina d. bubong ng bahay

**II. PANUTO:** Basahin ang sumusunod na pangungusap. Isulat ang **T** kung ang pahayag ay tama o **M** naman kung mali.

_____ 6. May denotatibong kahulugan ang isang salita sa loob ng pangungusap kapag literal na kahulugan ang tinataglay nito.
_____ 7. Sumibat kaagad si Laurence matapos ang pagpupulong. Konotatibo ang kahulugan ng salitang sinalungguhitan.
_____ 8. Ang haligi ng aming bahay ay gawa sa semento at bato. Nangangahulugang “ama” ang salitang sinalungguhitan sa pangungusap.
_____ 9. Mahirap kasama ang mga ahas sa isang samahan. Nangangahulugang “traydor” ang salitang sinalungguhitan sa pangungusap.

**III. PANUTO:** Tukuyin kung denotatibo o konotatibo ang kahulugan ng mga salitang nakasalungguhit sa pangungusap. Ibigay ang kahulugan ng mga ito batay sa pagkakagamit.

| Pangungusap | Denotatibo o Konotatibo? | Kahulugan |
|---|---|---|
| Mayroon pa silang nalalabing sakahan kaya’t hindi suliranin ang bigas. | 10. | 13. |
| Buong galak na ipinakita niya ang kaniyang koleksiyon ng mga tiket sa loterya. | 11. | 14. |
| May bumahid na ulap sa mga mata ni Haji Zakaira nang mapagtanto ang laki ng kaniyang natalo sa loterya. | 12. | 15. |